**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s**
**SPEECH AT THE DISTRIBUTION OF ASSISTANCE IN ABRA**
Bangued, Abra
July 29, 2023

[00:00:00]
… Led by the Governor, the father of the Province Governor Dominic Valera; at ang ating mga opisyales, lahat na apo nga mayores, apo nga barangay chairman, ken barangay officials, naimbag nga aldaw yu amin.

We are here because tinamaan --- sabi ko nga kay Vice Governor Joy, ika ko nandito rin ako last year, one year and one week before. Sabi ko noong nangyari iyon, lindol naman iyon. Ngayon, nandito na naman ako bagyo naman itong nakaharap sa atin. Kaya't sabi ko hindi na ako babalik dito kung 'di pampiyesta na lang. Ayaw ko na ng ganito. [applause] Baka ako nagdadala nito.

Anyway, nandito kami tinitingnan --- kakatapos lang iyong briefing tungkol sa epekto ng bagyo sa ating mga karatig probinsya sa Cordillera and tinitiyak natin na mapabilis ang tulong.

Nandiyan naman emergency, ang mga emergency na pangangailangan halimbawa pagkain, iyong mga shelter, pati communication, iyong water supply, iyong mga ganoon mukha namang in place na. Nandiyan at naka-ready na.

Iyong mga ibang daan ay hindi pa madaanan kasi na-landslide iyong iba, iyong iba may tubig pa. Pero pagkatapos na mangyari iyon ay papadala na natin lahat iyan.

Kaya't we have prepared --- marami na kaming nakahanda food packs nga at hanggang diyan. Susunod diyan ay ang pinakaimportante iyong water supply pero susunod diyan iyong kuryente. Kaya't diyan kami nahihirapan. At dito ang nangyari dito sa probinsya ng Abra ay bumagsak ang mga poste. Kaya't kailangan na naman natin either itayo ulit iyan o maglagay tayo ng bago.

[00:02:13]
At sabay doon ay kailangan titingnan iyong mga koneksyon na maayos kasi kung i-on natin --- may kuryente pero pinutol iyong kuryente dahil sa bagyo. Ganoon naman laging ginagawa iyan kasi pag tinamaan, pag may nahulugan ng kahoy ay masisira lahat nung sistema. Kaya naman ayaw nila ring i-on hanggang nainspeksyon na nila lahat ng poste, lahat ng koneksyon, lahat ng mga wiring na makita nila na maayos na. Kaya't iyon ang medyo– kasi dahan-dahanin namin.

Ang dati nating ginagawa kapag ganito may bagyo, humihingi tayo ng tulong sa ibang probinsya na magpadala ng lineman. Noong Typhoon Odette, ganoon ang aming ginawa. Marami kaming kinuha na lineman na galing sa ibang probinsya para makatulong. At iyon din ang gagawin natin. Siguro kahit sa southern Luzon ay pwede sila magpadala ng mga tao nila para maparami, mapabilis ang proseso. Iyon ang aming sinusunod.

Ang susunod naman diyan ay iyong pag-recover, pag-rehabilitate at saka iyong rebuilding na. Kaya't tinitingnan na rin namin gaano karami ang damage, ilan iyong talagang nasiraan ng bahay, ano iyong mga damage doon sa ibang bahay. At magpo-provide din kami ng building materials para naman ay maitayo ulit at mabalikan.

Lahat ng mga nasa evacuation center ay nabibigyan naman, naalagaan naman, pati na iyong mga wala sa bahay na kung saan-saan lang pumunta ay hinahanap din namin para bigyan ng tulong dahil na-displace nga sila.

Kaya't iyan po ang report lang namin. Kaya kami nandito para tiyakin na maayos ang takbo at magbigay ng instruction para maging maliwanag kung ano iyong dapat nating gawin.

Mahusay naman ang ating mga disaster response team sa LGU, sa national at maganda naman ang ugnayan ng national at saka local. Kaya't sa palagay ko sa lalong madaling panahon maibabalik na natin lahat ng mga serbisyo na kinakailangan. Dito sa Abra at sa Bangued pa lamang at saka hindi pa lahat ng barangay ang may kuryente. Kaya't ito'y isang nilalakad.

Doon naman sa amin sa Ilocos Norte, mas grabe pa, two percent pa lang ng kuryente namin ang bumalik. Kaya pupuntahan ko mamaya at titingnan natin kung ano iyong pwedeng gagawin.

So, dahan-dahan. Basta't maging maayos, maging… Pati pala iyong sa communication mayroon tayong pinadala rito iyong satellite. Magdadagdag din tayo para maipadala natin doon sa mga malalayo kasi sila talaga ang nangangailangan ng communication para makapag-report sila sa atin kung ano ang nangyari sa kanila at ano iyong pangangailangan nila. So, iyon po ang sadya namin dito.

At kailan ang susunod niyong piyesta? March?  O sige, doon na lang ako pupunta.  Siguro pagka ganoon i-schedule na natin para hindi na pupuwedeng pumasok ang bagyo at hindi na maglindol.

Maraming, maraming salamat.  Dios ti agngina apo. [applause]
[00:05:56]

***